# *[PANGALAN ng COUNTY]

# Drug Medi-Cal Organized Delivery System Handbook ng Benepisyaryo

**[Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Address, Lungsod, CA ZIP]**

# NILALAMAN


PANGKALAHATANG IMPORMASYON .......... 3

MGA SERBISYO .......... 7

KUNG PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NGDRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM .. 18

KUNG PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN SA PAG-IISIP .......... 22

PAMANTAYAN SA PAG-ACCESS AT MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN .......... 23

PAGPILI NG PROVIDER .......... 25

PAUNAWA SA PAGPAPASIYA NG SALUNGAT SA BENEPISYO .......... 28

PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA .......... 32

ANG PROSESO NG REKLAMO .......... 34

ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS) .......... 37

ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG SA ESTADO .......... 42

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM NG ESTADO NG CALIFORNIA .......... 46

PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE) .......... 48

KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG BENEPISYARYO .......... 50

KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA .......... 54

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Serbisyong Pang-emergency

Available ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras kada araw at 7 araw kada linggo. Kung sa tingin mo ay may emergency ka kaugnay sa kalusugan, tumawag sa 911 o magpuntag sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.

Ibinibigay ang mga Serbisyong Pang-emergency sa mga hindi inaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang psychiatric na emergency na kondisyong medikal.

Mayroong emergency na kondisyong medikal kapag ikaw ay may mga sintomas na nagdudulot ng labis na pananakit o malubhang sakit o pinsala, na kung hindi malapatan ng medikal na pangangalaga ay pinanananiniwalaan ng isang simpleng tao (maingat na taong hindi kasapi ng medikal na team) na:

- Maglalagay sa kalusugan mo sa lubhang panganib, o
- Kung buntis ka, maglalagay sa kalusugan mo at sa kalusugan ng ipinagbubuntis mo sa lubhang panganib, o
- Magiging sanhi ng malubhang pinsala sa paggana ng katawan mo, o
- Magiging sanhi ng malubhang pinasala sa anumang organ o bahagi ng katawan.

May karapatan kang gumamit sa alinmang ospital sa panahon ng emergency. Hindi kailanman nangangailangan ng pahintulot ang mga serbisyong pang-emergency.

### Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Iniisip Kong Magpakamatay?

Kung ikaw o ang kakilala mo ay nasa krisis, mangyaring tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o **1-800-273-TALK (8255)**.

Para sa mga lokal na residenteng naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang lokal na mga programa sa mental health, mangyaring tumawag sa *[Maglalagay ang County ng (mga) 24 Oras na Crisis Intervention Number].

**Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito?**

*[Maglalagay ang County ng pambungad na mensahe para sa mga bagong benepisyaryo kasama ang mga pangunahing feature ng pinangangasiwaang pangangalaga at ang saklaw na lugar ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.]

Mahalagang maintindihan mo kung paano gumagana para sa iyo ang plano ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para matanggap mo ang pangangalagang kailangan mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang mga benepisyo mo at kung paano makakakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang karamihan sa mga tanong mo.
Matututuhan mo kung:

- Paano makakatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng sangkap sa pamamagitan ng plano ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county mo.
- Anong mga benepisyo ang may access ka.
- Anong gagawin kung may tanong o problema ka.
- Ano ang mga karapatan at responsibilidad mo bilang benepisyaryo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System

Kung hindi mo mababasa ang handbook na ito ngayon, dapat mong itabi ito para basahin sa susunod na may panahon ka. Gamitin ang handbook na ito bilang karagdagan sa handbook ng benepisyaryo na natanggap mo noong nagpatala ka sa kasalukuyang benepisyo mo sa Medi-Cal. Angbenepisyo mo sa Medi-Cal ay maaaring kasama ng pinangangasiwaang plano sa pangangalaga ng Medi-Cal o ng karaniwang programa ng “Bayad para sa Serbisyo” ng Medi-Cal.

**Bilang Benepisyaryo Ng Plano Mo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, Responsibilidad ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county** Mo **Na:**

- Tukuyin kung natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mula sa county o sa network na provider nito.
- Iugnay ang pangangalaga mo sa ibang plano o sistema kung kailangan para mapadali ang paglilipat ng pangangalaga at magabayan ang mga referral para sa mga benepisyaryo, na tinitiyak na hindi magpaulit-ulit ang referral, at tinatanggap ng bagong provider ang pangangalaga ng benepisyaryo.

- Ibigay ang libreng numero ng telepono na sinasagot 24 na oras kada araw at 7 araw kada linggo na magsasabi sa iyo kung paano makukuha ang mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county gamit ang numerong ito para hilingin ang availability ng pangangalaga pagkatapos ng oras ng trabaho.
- Magkaroon ng sapat na dami ng provider na malapit sa iyo para tiyaking matatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng sangkap na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung kailangan mo ang mga ito.
- Ipaalam at ituro sa iyo ang mga available ba serbisyo mula sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Libreng ibigay sa iyo ang mga serbisyo sa wika mo o gamit ang isang interpreter (kung kailangan) at ipaalam sa iyo na available ang mga serbisyo ng interpreter na ito.
- Ibigay sa iyo ang nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang available sa iyo sa ibang wika o format. *[Maglalagay ang county ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga available na wika ng mga materyal, available na alternatibong format, available na karagdagang tulong at serbisyo, atbp.]
- Magbigay sa iyo ng abiso sa anumang mahalagang pagbabago sa mga impormasyong nakasaad sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng pagiging epektibo ng pagbabago. Ituturing na mahalaga ang pagbabago kapag tumaas o bumaba ang halaga o uri ng available na serbisyo, o kung tumaas o bumaba ang dami ng mga provider ng network, o kung may anumang pagbabago na maaaring makaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.
- Ipaalam sa iyo kung tumanggi ang kinontratang provider na isagawa o suportahan ang anumang sinasaklaw na serbisyo dahil sa moral, etikal, o relihiyosong pagtutol at ipaalam sa iyo ang mga alternatibong provider na nag-aalok ng sinasaklaw na serbisyo.
- Tiyakin na patuloy mong ma-access ang dati at kasalukuyan mong provider na wala sa network sa loob ng isang yugto ng panahon kung ang pagpapalit ng mga provider ay magdudulot ng pagsama ng kalusugan mo o madagdagan ang panganib mo na maospital.

*[Maglalagay ang county ng libreng numero ng teleponopara sa mga serbisyo ng *benepisyaryo at kung mayroong hiwalay na linya ng telepono na maaaring tawagan para sa pangangasiwa ng paggamit, mangyaring isama dito.]

**Impormasyon para sa mga Benepisyaryo Na Kailangan ang mga Materyal sa Ibang Wika**

*[Maglalagay ang County ng Angkop na Impormasyon.]

**Impormasyon para sa mga Benepisyaryong Nahihirapang Magbasa**

*[Maglalagay ang County ng Angkop na Impormasyon.]

**Impormasyon para sa mga Benepisyaryong Hindi Nakakarinig**

*[Maglalagay ang County ng Angkop na Impormasyon.]

**Impormasyon para sa mga Benepisyaryong Hindi Nakakakita**

*[Maglalagay ang County ng Angkop na Impormasyon.]

**Paunawa ng mga Kasanayan sa Pagkapribado**

*[Maglalagay ang County ng Angkop na Impormasyon.]

## MGA SERBISYO

### Ano ang mga Serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System County?

Ang mga serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System County ay mga serbisyong pangkalusugan para sa mga may problema sa paggamit ng sangkap o, sa ilang pagkakataon, nanganganib na magkaroon ng problema sa paggamit ng sangkap na hindi kayang gamutin ng regular na doktor. Maaari kang sumangguni sa mga seksyon ng "Screening, Maikling Interbensyon, Referral sa Paggamot at Mga Serbisyo sa Agarang Interbensyon" ng abisong ito para sa karagdagang impormasyon.

Kasama sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang:

- Mga Serbisyo sa Paggamot na Pang-outpatient
- Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatient
- Mga Serbisyo sa Partial na Pagpapaospital (available lang sa mga nasa hustong gulang sa partikular na mga county, pero maaaring maging kwalipikadoang mga menor de edad sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot saang county man sila nakatira)
- Mga Serbisyo sa Paggamot na Pantahanan/Pang-inpatient (nangangailangan ng paunang pahintulot ng county)
- Mga Serbisyo sa Pagkontrol sa mga Sintomas ng Pagtigil
- Mga Serbisyo sa Programasa Paggamot sa Narcotic
- Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT)
- Mga Serbisyo sa Pagpapagaling
- Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa (available lang para sa mga nasa hustong gulang sa partikular na mga county, pero maaaring maging kwalipikadoang mga menor de edad sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot saang county man sila nakatira)
- Mga Serbisyo sa Pag-uugnay sa Pangangalaga
- Pamamahala sa Emergency (available lang sa ilang mga county)

Kung gusto mong matuto ng higit pa tungkol sa bawat serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System County na maaaring available sa iyo, tingnan ang mga paglalarawan sa ibaba:

### Mga Serbisyo sa Paggamot na Pang-outpatient

- Ibinibigay ang mga serbisyo ng pagpapayo sa mga benepisyaryo hanggang sa siyam na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang at hindi bababa sa anim na oras kada linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon kung medikal na kinakailangan. Maaaring lumagpas sa maximum ang mga serbisyo batay sa medikal na kinakailangan ng indibidwal. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal o ng sertipikadong tagapayo sa anumang angkop na setting sa komunidad nang personal, sa telepono, o sa telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Paggamot na Pang-outpatient ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang pagtuturo sa pasyente sa mga karamdaman sa paggamit ng mga sangkap na hindi opioid, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatient**

- Ibinibigay ang Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatient sa mga benepisyaryo sa minimum na siyam na oras at maximum na 19 na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras at maximum na 19 na oras kada linggo para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taon) kung medikal na kinakailangan. Pangunahing kasama sa mga serbisyo ang pagpapayo at pagtuturo tungkol sa mga problemang kaugnay sa adiksyon. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal o ng sertipikadong tagapayo sa isang organisadong setting. Ang Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatient ay maaaring ibigay nang personal, sa telehealth, o sa telepono.
- May mga parehong bahagi ang Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatientat Mga Serbisyong Pang-outpatient. Ang pagkakaiba lang ay ang nadagdagang mga oras ng serbisyo.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Bahagyang Pagpapaospital** (available lang sa mga nasa hustong gulang sa partikular na mga county, pero maaaring maging kwalipikado sa serbisyo ang mga menor de edad sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot saang county man sila nakatira)

- Itinatampok ng Bahagyang Pagpapaospital ang 20 o higit pang oras ng clinically intensive programming (intensibong klinikal na pagpoprograma) kada linggo, ayon sa medikal na kinakailangan. Ang mga programa ng Bahagyang Pagpapaospital ay karaniwang may direktang access sa mga serbisyong pang-psychiatric, pangmedikal, at panglaboratoryo, at para tugunan ang mga tinukoy na kinakailangan na dapat araw-araw na subaybayan o pangasiwaan pero maaaring angkop na matugunan sa isang clinically intensive na setting na pang-outpatient. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay nang personal, sa magkasabay na telehealth, o sa telepono.
- Ang mga serbisyo sa Bahagyang Pagpapaospital ay katulad ng Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-outpatient, na may pangunahing pagkakaiba sa mas mataas na bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Paggamot na Pantahanan** (nangangailangan ng paunang pahintulot ng county)

- Ang Paggamot na Pantahanan ay isang programa ng sandaling paninirahan sa hindi pang-institusyonal, 24 na oras na hindi medikal na pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyong pangrehabilitasyon sa mga benepisyaryo na may diagnosis na karamdaman sa paggamit ng sangkap kapag medikal na kinakailangan. Titira ang benepisyaryo sa pasilidad at susuportahan sa kanilang pagsisikap na maibalik, mapanatili, at ilapat ang mga kasanayan sa pakikipagkapwa at malayang pamumuhay at pag-access sa mga sistema ng suporta ng komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono para ibigay ang mga serbisyo habang nasa paggamot na pantahanan ang isang tao. Nagtutulungan ang mga provider at residente para tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga priyoridad, magtatag ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang kaugnay sa karamdaman sa paggamit ng sangkap. Kasama sa mga

layunin ang pag-iwas, paghahanda sa mga pang-uudyok na bumalik sa dati, pagpapaunlad ng personal na kalusugan at paggana sa lipunan, at pakikibahagi sa patuloy na pangangalaga.

- Nangangailangan ng patiunang pahintulot ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang mga serbisyong pantahanan.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Paggamot sa Tirahan ang pagtanggap at pagtatasa sa pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.
- Ang mga provider ng Mga Pantahanang Serbisyo ay kailangang mag-alok ng mga medikasyon sa paggamot sa adiksyon na direkta sa site o magbigay ng access sa mga medikasyon sa paggamot sa adiksyon nang wala sa site sa panahon ng paggamot na pantahanan. Hindi matutugunan ng mga provider ng Mga Pantahanang Serbisyo ang mga kinakailangang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga provider ng mga medikasyon sa paggamot sa adiksyon. Ang mga provider ng Mga Serbisyong Pantahanan ay kailangang mag-alok at magreseta ng mga medikasyon sa mga benepisyaryo na saklaw ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Mga Serbisyo sa Paggamot na Pang-inpatient (magkaiba bawat county)**

- Ang mga serbisyo na pang-inpatient ay ibinibigay nang 24 na oras na mayroong pagsusuri, pag-oobserba, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksyon na pinangangasiwaan ng isang propesyonal sa isang pang-inpatient na setting. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono para ibigay ang mga serbisyo habang nasa pang-inpatient na paggamot ang isang tao.
- Ang mga serbisyo na pang-inpatient ay lubhang organisado at malamang na available sa klinika ng isang doktor, kasama ang mga Rehistradong Nars, tagapayo sa adiksyon, at iba pang klinikal na kawani. Kasama sa Mga Serbisyo na Pang-inpatient ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon

para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng Akcohol at iba pang karamadaman sa paggamit ng sangkap na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

**Programa sa Paggamot sa Narcotic**

- Ang Programa sa Paggamot sa Narcotic ay mga programang pang-outpatient na nagbibigay ng mga gamot na aprubado na FDA para gamutin ang mga karamdaman sa paggamit ng sangkap kapag iniutos na doktor bilang medikal na kinakailangan. Ang Mga Programa sa Paggamot sa Narcotic ay kailangang mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Dapat makatanggap ang benepisyaryo ng minimum na 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo kada buwan. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng pagpapayo na ito nang personal, sa telehealth, o sa telepono. Kasama sa Mga Serbisyo ng Paggamot sa Narcotic ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga serbisyo sa gamot, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis ng karamdaman sa paggamit ng sangkap.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Pagkontrol sa mga Sintomas ng Pagtigil**

- Ang mga serbisyo sa pagkontrol sa mga sintomas ng pagtigil ay kritikal at ibinibigay nang panandalian. Ang mga serbisyo sa Pagkontrol sa mga Sintomas ng Pagtigil ay maaaring ibigay bago makumpleto ang kabuuang pagtatasa at maaaring ibigay sa pang-outpatient, pantahanan, o pang-inpatient na setting.
- Titira sa pasilidad ang bawat benepisyaryo kung tatanggap ng serbisyong pantahanan at susubaybayan sa panahon ng proseso ng pag-alis ng toxic na sangkap. Irereseta ng lisensyadong

doktor, o lisensyadong tagapag-reseta, ang mga serbisyong medikal na kinakailangan na habilitative at rehabilitative.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pagkontrol sa mga Sintomas ng Pagtigl ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, mga serbisyo sa gamot, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi opioid, pag-oobserba, at mga serbisyo sa pagpapagaling.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT)**

- Ang mga Serbisyo sa Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon ay available sa mga klinikal at hindi klinikal na mga setting. Ang Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon ay ang paggamit ng iniresetang mga gamot, kasama ang pagpapayo at mga therapy sa pag-uugali, upang maging buong-pagkatao ang diskarte sa paggamot sa mga karamdaman sa paggamit ng sangkap. Kasama sa Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon ang lahat ng gamot na aprubado ng FDA at biological na mga produkto sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng alkohol, karamdaman sa paggamit ng opioid, at anumang karamdaman sa paggamit ng sangkap. Ang mga benepisyaryo ay may karapatang pag-alokan ng Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon sa mismong lokasyon o sa pamamagitan ng pag-refer sa labas ng pasilidad.
- Maaaring ibigay ang Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon kasama ang mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, mga serbisyo sa interbensyon ng krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, at mga serbisyo sa pagkontrol sa mga sintomas ng pagtigil.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)
- Maaari ring i-access ng mga benepisyaryo ang Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon sa labas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Halimbawa, ang mga medikasyon sa paggamot

sa adiksyon, gaya ng Naloxone, ay maaaring ireseta ng ilang tagapagreserta ng mga provider ng pangunahing pangangalaga na nagtatrabaho sa Medi-Cal Managed Care Plan mo o sa karaniwang programa ng Medi-Cal “Fee for Service” at maaaring ibigay o inumin sa parmasya.

**Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa** (magkakaiba bawat county)

- Ang Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa ay opsyonal para sa mga kalahok na county. [Dapat linawin ng county kung hindi nito saklaw ang Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa para saDrug Medi-Cal Organized Delivery System.]
- Ang Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa ay mga indibidwal at grupong serbisyo na may kakayahang kultural na nagtataguyod ng pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga lakas sa pamamagitan ng mga organisadong mga aktibidad. Maaari mong matanggap ang mga serbisyong ito o ng iyong nakatalagang importanteng (mga) tao ng suporta at maaaring isabay sa mga tinatanggap mong iba pang serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Specialist sa Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa ay isang indibidwal na gumaling at may kasalukuyang programa na aprubado ng Estado at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng isang Behavioral Health Professional na lisensyado, waivered, o nakarehistro sa Estado.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa ang mga grupo ng edukasyonal na pagtatatag ng kasanayan, mga serbisyo sa pakikibahagi para himukin kang sumali sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at nakakapagpagaling na mga aktibidad gaya ng pagtataguyod sa sarili.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Mga Serbisyo sa Pagpapagaling**

- Maaaring mahalaga ang Mga Serbisyo sa Pagpapagaling sa iyong pagpapagaling at kapakanan. Makakatulong sa iyo ang mga Serbisyo sa pagpapagaling sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng paggamot para pangasiwaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pangangasiwa sa iyong kalusugan, gamit ang epektibong mga estratehiya sa suporta ng pangangasiwa sa sarili, at pag-oorganisa ng panloob

at pangkomunidad na mga mapagkukunan para maibigay ang patuloy na suporta sa pangangasiwa sa sarili.

- Maaari mong matanggap ang Mga Serbisyo ng Pagpapagaling batay sa sarili mong pagtatasa o pagtatasa ng provider assessment sa panganib na bumalik sa dati. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa telehealth, o sa telepono.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy ng pamilya, pagsubaybay sa pagpapagaling, at mga bahagi ng pag-iwas na bumalik sa dati.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Pag-uugnay ng Pangangalaga**

- Ang Mga Serbisyo sa Pag-uugnay ng Pangangalaga ay mayroong mga aktibidad sa pag-uugnay sa pangangalaga sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, pangangalaga sa mental health, at medikal na pangangalaga, at sa pagbibigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa kalusugan mo. Ibinibigay ang Pag-uugnay ng Pangangalaga kasama ang lahat ng mga serbisyo at maaaring mangyari sa mga klinikal o hindi klinikal na setting, kabilang sa komunidad mo.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pag-uugnay ng Pangangalaga ang pakikipag-unayan sa mga provider ng medikal at mental na kalusugan para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpaplano ng paglabas, at pakikipag-ugnayan sa kaakibat na mga serbisyo kasama ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyo na nakabatay sa komunidad gaya ng childcare, transportasyon, at pabahay.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Pamamahala sa Contigency (magkakaiba bawat county)**

- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pamamahala sa Insidente ay opsyonal para sa mga kalahok na county. [Dapat linawin ng county kung hindi nito saklaw ang Mga Serbisyo sa Pamamahala sa Insidente.]

- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala sa Insidente ay isang paggamot na nakabatay sa katibayan para sa karamdaman sa paggamit ng stimulant kung saan makikilahok ang mga benepisyaryo sa itinatag na 24 na linggo ng pang-outpatient na serbisyo ng Pamamahala sa Insidente, na sinusundan ng anim o higit pang buwan ng gamutan at mga serbisyo sa pagsuporta sa pagpapagaling nang walang mga insentibo.
- Kasama sa unang 12 linggo ng mga serbisyo sa Pamamahala sa Insidente ang sunod-sunod na mga insentibo para makamit ang mga layunin ng paggamot, lalo na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine) na maaaring mapatunayan gamit ang mga urine drug test. Kasama sa mga insentibo ang mga katumbas ng pera (hal., mga gift card).
- Available lang ang Mga Serbisyo sa Pamamahala sa Insidente sa mga benepisyaryo na tumatanggap ng mga serbisyo sa hindi pantahanan na setting at pinangangasiwaan ng kalahok na provider na nakatala at nakikilahok sa isang komprehensibo, indibidwal na kurso ng paggamot.
- [County] (maglagay ng sapat na detalye ng anumang karagdagang impormasyon tungkol sa halaga, tagal, at saklaw ng mga available na benepisyo sa ilalim ng Kasunduan para matiyak na nauunawaan ng mga benepisyaryo ang kanilang mga karapatan)

**Screening, Interbensyon sa Pagtatasa, Referral sa Paggamot**

Ang Screening, Pagtatasa, Panandaliang Interbensyon at Referral sa Paggamot ng Alak at Droga ay hindi isang benepisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyo ng Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga benepisyaryong 11 taon pataas. Dapat magbigay ang mga managed care plan ng saklaw na mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, kasama ang screening, pagtatasa, panandaliang interbensyon, at referral sa paggamot (screening, assessment, brief interventions, and referral to treatment, SABIRT) para sa mga benepisyaryong 11 taon pataas.

**Mga Serbisyo sa Maagang Interbensyon**

Ang mga serbisyo sa maagang interbensyon ay saklaw ng mga serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga benepisyaryong may edad na 21 taon pababa. Sinumang benepisyaryo na 21 taon and edad pababa na na-screen at natukoy na nanganganib na magkaroon ng karamdaman sa paggamit ng sangkap ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng pang-

outpatient na antas ng serbisyo bilang mga serbisyo sa maagang interbensyon. HIndi kailangan para sa mga serbisyo sa maagang interbensyon ang diagnosis na karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga benepisyaryong 21 taon and edad pababa.

**Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot**

Ang mga benepisyaryong 21 taon pababa ay kwalipikadong makatanggap ng mga serbisyong inilarawan sa itaas ng handbook na ito at ngkaragdagang mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot.

Para maging kwalipikado sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, ang benepisyaryo ay dapat 21 taon pababa at may buong saklaw ng Medi-Cal. Saklaw ng mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para maitama o matulungan ang mga depekto at ang mga pisikal na kondisyong pangkalusugan at kondisyong pangkalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang kondisyon ay itinuturing na tumutulong sa kondisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot.

Kungmay mga tanong ka tungkol sa Mga Serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, mangyaring tumawag sa [Maglalagay Dito ang County ng Angkop na Impormasyon]o bisitahin ang DHCS Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot na webpage.

Ang mga serbisyong iniaalok ng DMC-ODS Delivery System ay available gamit ang telepono o telehealth, maliban sa mga medikal na pagsusuri para sa Mga Serbisyo sa Paggamot sa Narcotic at Pagkontrol sa mga Sintomas ng Pagtigil.

**Available ang mga Serbisyo sa Paggamit ng Sangkap mula sa mga Plano ng Managed Care o "Regular" na Programa sa Medi-Cal na "Fee for Service""**

Dapat magbigay ang mga managed care plan ng saklaw na mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, kasama ang screening, pagtatasa, panandaliang interbensyon, at referral sa paggamot (screening,

assessment, brief interventions, and referral to treatment, SABIRT) para sa mga benepisyaryong 11 taon pataas, kabilang ang mga buntis na miyembro, sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at screening sa tabako, alkohol, at ipinagbabawal na gamot. Dapat ding magbigay o maghanda ang mga managed care plan ng probisyon sa Mga Medikasyon sa Paggamot sa Adiksyon (kilala rin bilang Paggamot na Tinulungan ng Medikasyon) na ibinibigay ng pangunahing pangangalaga, ospital na pang-inpatient, mga departamento ng emergency, at iba pang mga setting na medikal na nakakontrata. Dapat ding magbigay ng mga serbisyong pang-emergency ang mga managed care plan na kailangan para maging maayos ang kalagayan ng benepisyaryo, kabilang ang kusang-loob na pang-inpatient na pag-alis ng toxic na sangkap.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NGDRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM

### Paano Ako Makakakuha ng mga Serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, makakakuha ka ng mga serbisyo sa pamamagitan ng personal na paghiling ng mga ito sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Libre mong matatawagan ang telepono ng county mo gamit ang mga numerong nasa harapan na seksyon ng handbook na ito. Maaari ka ring i-refer ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap sa ibang paraan.

Kailangang tumanggap ng mga referral ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap mula sa mga doktor at provider ng pangunahing pangangalaga na iniisip na kailangan mo ang mga serbisyong ito at mula sa Medi-Cal managed care health plan mo, kung ikaw ay isang benepisyaryo. Karaniwang kailangan ng provider o ng Medi-Cal managed care health plan ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng bata para gumawa ng referral, maliban kung may emergency. Maaari ring mag-refer sa county ang ibang tao at organisasyon, kasama ang mga paaralan; mga departamento ng kapakanan ng county o mga serbisyong panlipunan; mga conservator; tagapangalaga o kasapi ng pamilya; at mga ahensyang tapagpatupad ng batas.

Available ang mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng provider ng *[Ilagay ang Pangalan ng County]. Kung tututol ang anumang nakakontratang provider sa pagsasagawa o pagsuporta sa anumang saklaw na serbisyo, isasaayos ng *[Ilagay ang Pangalan ng County] na isagawa ng ibang provider ang serbisyo. *Tutugon ang [Ilagay ang Pangalan ng County] sa mga napapanahong referral at pakikipag-ugnayan kung hindi available ang saklaw na serbisyo mula sa isang provider dahil sa relihiyosong dahilan, etikal o moral na pagtutol sa saklaw na serbisyo. Maaaring hindi tumanggi ang county mo sa isang kahilingan na magsagawa ng paunang pagtatasa para tukuyin kung natutugunan mo ang mga pamantayan para i-access ang mga serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System county.
[Dapat maglakip ng paglalarawan ang county na nagpapakita sa paglilipat ng mga patakaran sa pangangalaga para sa mga naka-enroll at mga potensyal na mag-e-enroll.]

### Saan Ako Makakakuha ng mga Serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System?

Ang *[Ilagay ang Pangalan ng County] ay nakikilahok sa programa ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System. Dahil residente ka ng *[Ilagay ang Pangalan ng County], makukuha mo ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo ay may mga provider sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na saklaw ng plan. Ang ibang county na hindi nakikilahok saDrug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaaring" magbigay ng mga sumusunod na mga serbisyo ng Drug Medi-Cal:

- Paggamot na Pang-outpatient
- Paggamot sa Narcotic
- Paggamot sa Naltrexone
- Intensibong Paggamot na Pang-outpatient
- Serbisyong Pang-aabuso sa Sangkap sa Perinatal Residential (hindi kasama ang room and board)

Kung ikaw ay 21 taon pababa, kwalipikado ka rin sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot sa anumang county sa buong estado.

**Pangangalaga Pagkatapos ng Oras ng Trabaho**

[Dapat maglakip ng impormasyon ang county para ilarawan kung paano maa-access ang pangangalaga pagkatapos ng oras ng trabaho]

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?**

Maraming tao ang nahihirapan sa buhay at maaaring nakakaranas ng mga problema sa karamadaman sa paggamit ng sangkap. Pinakamahalagang tandaan na may available na tulong. Kung kwalipikado ka sa Medi-Cal, at sa tingin mo ay kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng pagtatasa mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo para matiyak dahil kasalukuyan kang nakatira sa isang county na nakikilahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Tulong ng Isang Bata o Teenager?**

Maaari kang makipag-ugnayan sa county na nakikilahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa pagtatasa ng anak mo o teenager na sa tingin mo ay may anumang palatandaan ng karamdaman sa paggamit ng sangkap. Kung kwalipikado ang anak mo o teenager sa Medi-Cal at tinukoy ng pagtatasa ng county na kailangan ang mga serbisyo sa paggamot sa droga at alkohol na saklaw ng nakikilahok na county, aayusin ng county na makakatanggap ang anak mo o teenager ng mga serbisyo.

**Kailan Ako Makakuha ng mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County?**

Kailangang matugunan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo ang mga pamantayan sa oras ng appointment ng estado kapag iniiskedyul ka ng appointment sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Dapat ialok sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang isang appointment na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan sa oras ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng hindi apurahang kahilingan mo na simulan ang mga serbisyo ng isang provider ng karamdaman sa paggamit ng sangkap na pang-outpatient at masinsinang pang-outpatient na serbisyo;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng kahilingan mo para sa mga serbisyo sa Programa sa Paggamot sa Narcotic ;
- Isang follow-up appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa gamutan para sa kasalukuyang karamdaman sa paggamit ng sangkap, maliban kung may mga partikular na kasong tinukoy ng provider na gumagamot sa iyo;

**Sino ang Magpapasya Kung Aling Serbisyo ang Matatanggap Ko?**

Ikaw, ang provider mo, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay kasali lahat sa pagpapasya kung aling serbisyo ang kailangan mo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Makikipag-usap sa iyo ang isang provider sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, at tutulong sila sa pagtukoy kung aling serbisyo ang angkop sa mga pangangailangan mo sa pamamagitan ng kanilang pagtatasa.

Susuriin ng provider sa karamdaman sa paggamit ng sangkap kung mayroon kang karamdaman sa paggamit ng sangkap at kung ano ang pinakaangkop na mga serbisyo para sa mga pangangailangan mo. Matatanggap mo ang mga serbisyong kailangan mo habang ginagawa ng provider mo ang pagtatasang ito.

Kung ikaw ay 21 taon pababa, dapat magbigay ng mga serbisyong medikal na kinakailangan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na makakatulong na maitama o mapabuti ang kondisyon mo sa mental health. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang kondisyon sa kalusugan sa pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA MENTAL HEALTH

### Saan Ako Makakakuha ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?

Makakakuha ka ng mga espesyal na serbisyo sa mental health sa county kung saan ka nakatira. *[Maaaring maglagay ng karagdagang impormasyon tungkol sa lugar na saklaw ng serbisyo ng mental health plan]. Ang bawat county ay may mga espesyal na serbisyo sa mental health para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at nakakatanda. Kung ikaw ay 21 taon pababa, kwalipikado ka sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, na maaaring may kasamang karagdagang saklaw at benepisyo.

Tutukuyin ng mental health plan mo kung natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga espesyal na serbisyo sa mental health. Kung natutugunan mo, ire-refer ka ng mental health plan sa isang provider sa mental health na magtatasa sa iyo para malaman kung anong mga serbisyo ang kailangan mo. Maaari ka ring humiling ng pagtatasa mula sa managed care plan mo kung isa kang benepisyaryo. Kung matukoy ng managed care plan na natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga espesyal na serbisyo sa mental health, tutulungan ka ng managed care plan lumipat para makatanggap ng mga serbisyo sa mental health sa pamamagitan ng mental health plan. Walang maling paraan sa pag-access sa mga serbisyo sa mental health.

### Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## PAMANTAYAN SA PAG-ACCESS AT MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

### Ano Ang Pamantayan sa Pag-access sa Saklaw ng Mga Serbisyo sa Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap?

Bilang bahagi ng pagpapasya kung kailangan mo ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, makikipagtulungan sa iyo at sa provider mo angDrug Medi-Cal Organized Delivery System county para magpasya kung natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access para makatanggap ng mga serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System. Ipapaliwanag ng seksyong ito kung paano ginagawa ang desisyong ito ng iyong nakikilahok na county.

Makikipagtulungan sa iyo ang provider mo para magsagawa ng pagtatasa para tukuyin kung aling mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang pinakaangkop sa iyo. Ang pagtatasang ito ay dapat gawin nang personal, gamit ang telehealth, o sa telepono. Maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo habang isinasagawa ang pagtatasa.
Pagkatapos makumpleto ng provider mo ang pagtatasa, tutukuyin nila kung natugunan mo ang mga sumusunod na pamantayan sa pag-access para makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System:

- Dapat kang naka-enroll sa Medi-Cal.
- Dapat kang nakatira sa county na nakikilahok saDrug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Dapat mayroon kang hindi bababa sa isang diagnosis mula sa Diagnostic at Statistical Manual ng Mental Disorder para sa Substance-Related at Addictive Disorder (maliban sa mga Tobacco-Related Disorder at Non-Substance-Related Disorder) o nagkaroon ng hindi bababa sa isang diagnosis mula sa Diagnostic at Statistical Manual ng mga Mental Disorder para sa mga Substance Related at Addictive disorder bago nakulong o habang nakakulong (maliban sa mga Tobacco-Related Disorder at Non-Substance-Related Disorder).

Ang mga benepisyaryong 21 pababa ay kwalipikadong matanggap ang lahat ng serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System kapag natugunan ang pamantayan ng medikal na kinakailangan ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, saan mang county sila nakatira at anumang kinakailangang diagnosis na inilarawan sa itaas.

**Ano ang Medikal na Pangangailangan**

Dapat medikal na kinakailangan at angkop ang mga serbisyong tinatanggap mo para matugunan ang kondisyon mo. Para sa mga 21 taon pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung makatwiran at kailangan ito para maprotektahan ang buhay mo, maiwasan ang matinding sakit o kapansanan, o para maibsan ang matinding pananakit. Para sa mga benepisyaryong 21 taon pababa, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung itinatama o nakakatulong ito sa maling paggamit ng sangkap o sa karamdaman sa paggamit ng sangkap. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang maling paggamit ng sangkap o ang karamdaman sa paggamit ng sangkap ay itinuturing na tumutulong sa kondisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot.

## PAGPILI NG PROVIDER

**Paano Ako Makakahanap ng Provider sa mga Kailangan Kong Serbisyo sa Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap?**

Maaaring limitahan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mapagpipilian mong mga provider. Maaari kang humiling na magbigay ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo ng mga paunang mapagpipiliang provider. Dapat ka ring payagan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ~~mo~~ na magpalit ng provider. Kung hiniling mong magpalit ng mga provider, dapat kang payagang pumili nang hindi bababa sa dalawang provider hangga't maaari.

Kailangang mag-post sa online ang county mo ng kasalukuyang directory ng provider. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng updated na directory ng provider, bisitahin ang website ng iyong county *[Dapat Maglakay ang County ng Link sa Directory ng Provider] o tumawag sa libreng numero ng telepono ng county. Available ang kasalukuyang elektronikong directory ng provider sa website ng county, o nakapapel kapag hiniling.

Minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na hindi na magbigay ng mga serbisyo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System bilang isang provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, hindi na nakakontrata sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, o hindi na sariling tumatanggap ng mga pasyente ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System o sa kahilingan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Kapag nangyari ito, sisikapin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na magpadala ng nakasulat na abiso ng pagtatapos ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa nakakontratang provider ng county sa loob ng 15 araw matapos matanggap o maisyu ang abiso ng pagtatapos, sa bawat tao na nakakatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap mula sa provider.
Maaari ring makatanggap ng mga serbisyo ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mga American Indian at Alaska Native na kwalipikado sa Medi-Cal at nakatira sa mga county na pumiling lumahok saDrug Medi-Cal Organized Delivery System county sa pamamagitan ng mga serbisyo ng Indian Health Care Providers na may kinakailangan na DMC certification.

**Kapag Nakahanap Na Ako ng Provider, Maaari Bang Sabihan ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System Ang Provider Kung Anong Mga Serbisyo ang Natatanggap Ko?**

Ikaw, ang provider mo, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay kasali sa pagpapasya kung aling serbisyo ang kailangan mong matanggap sa countysa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayang sa pag-access parasa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Minsan ikaw o ang provider ang hahayaan ng county na magpasya. Sa ibang pagkakataon, maaaring kailanganin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang provider mo na hilingin sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na suriin ang mga dahilan kung bakit iniisip ng provider na kailangan mo ng serbisyo bago ibigay ang serbisyo. Dapat gumamit ng kwalipikadong propesyonal ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para isagawa ng pagrerebyu.

Ang proseso ng pagsusuri na ito ay tinatawag na proseso ng pagpapahintulot sa plano. Hindi kinakailangan ang pahintulot para sa mga serbisyo para sa pantahanan at pang-inpatient (maliban sa mga serbisyo sa pagkontrol sa mga sintomas ng pagtigil). Dapat sundin ang partikular na timeline ng proseso ng pagpapahintulot ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Para sa karaniwang pahintulot, kailangang magpasya ang plano batay sa kahilingan ng provider mo sa loob ng 14 na araw.

Kung hiniling mo o ng provider mo, o kung sa tingin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay makakabuti sa iyo na makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa provider mo, maaaring i-extend ang timeline hanggang sa isa pang 14 na araw. Isang halimbawa na maaaring makabuti sa iyo ang pag-extend ay kapag sa tingin ng county ay maaaring maaprubahan nito ang kahilingan ng provider mo para sa pahintulot kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay may karagdagang impormasyon mula sa provider mo at tatanggihan nito ang kahilingan wala ang imporrmasyong iyon. Kung i-extend ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang timeline, magpapadala sa iyo ng nakasulat na abiso ang county tungkol sa pag-extend.

Kung hindi makapagpasya ang county sa loob ng kinakailangan ng timeline para sa hinihiling na karaniwan o pinabilis na pahintulot, dapat magpadala sa iyo ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo na nagsasaad na tinanggihan ang mga serbisyo at maaari kang maghain ng apila o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humingi sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapahintulot nito.

Kung hindi ka sang-ayon sa pasya ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa isang proseso ng pagpapahintulot, maaari kang maghain ng apela sa county o humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyong Paglutas ng Problema.

**Aling mga Provider ang Ginagamit ng AkingDrug Medi-Cal Organized Delivery System County?**

Kung bago ka pa lang sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, maaari mong makita ang kompletong listahan ng mga provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo sa *[Dapat Maglagay ang County ng Link sa Directory ng Provider] na naglalaman ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng mga provider, ang ibinibigay nilang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, at iba pang impormasyon para matulungan kang i-access ang pangangalaga, kasama ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kultura at wika na mula sa mga provider. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga provider, tumawag sa libreng numero ng telepono ng county mo na nasa harapang seksyon ng handbook na ito.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## PAUNAWA SA PAGPAPASIYA NG SALUNGAT SA BENEPISYO

### Ano ang mga Karapatan Ko Kung Tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang mga Serbisyong Gusto ko o sa Tingin Ko ay Kailangan Ko?

Kung tanggihan, limitahan, bawasan, ipagpaliban, o wakasan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mga serbisyong na gusto mo o pinaniniwalaan mong kailangan mo, may karapatan kang makatanggap ng Paunawa (tinatawag na "Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo") mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. May karapatan ka ring tumutol sa desisyon sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang karapatan mong makatanggap ng Paunawa at kung ano ang gagawin kung tutol ka sa desisyon ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.

### Ano Ang Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?

Ang Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo ay nangangahulugan ng alinman sa sumusunod na mga aksyon ay ginawa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county:

1. Ang pagtanggi o limitadong pahintulot ng hiniling na serbisyo, kasama ang mga pagpapasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng saklaw na benepisyo;
2. Ang pagbabawas, pagsususpinde, o pagwawakas ng dating pinahintulutang serbisyo.
3. Ang pagtanggi, sa kabuuan o sa bahagi, ng bayad para sa serbisyo;
4. Ang hindi napapanahong pagbibigay ng mga serbisyo;
5. Ang hindi pagkilos sa loob ng mga kinakailangang timeframe para sa karaniwang paglutas ng mga reklamo at apela (Kung naghain ka ng reklamo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at wala kang natanggap na nakasulat na desisyon tungkol sa reklamo mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa loob ng 90 araw. Kapag naghain ka ng apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at wala kang natanggap na nakasulat na desisyon sa apela mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at wala kang natanggap na tugon sa loob ng 72 oras.); o
6. Ang pagtanggi sa kahilingan ng benepisyaryo upang i-dispute ang pananagutan sa pananalapi.

### Ano Ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?

Ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo ay isang sulat na ipapadala sa iyo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng provider mo na dapat mong matanggap. Kasama dito ang pagtanggi ng bayad para sa serbisyo, pagtanggi batay sa pahayag na hindi saklaw ang mga serbisyo, o pagtanggi na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng paghahatid, o pagtanggi sa kahilingan na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi. Ginagamit din ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyopara ipaalam sa iyo na hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo natanggap ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline sa pagbibigay ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. May karapatan kang makatanggap ng nakasulat na Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo.

**Timing ng Paunawa**

Dapat ipadala ng Plan sa benepisyaryo sa pamamagitan ng koreo ang paunawa nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dating pinahintulutang serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Dapat ding ipadala ng plan sa benepisyaryo ang paunawa sa loob ng dalawang araw ng negosyo para sa pasyang tanggihan ang bayad o para sa mga pasyang sanhi ng pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng kabuuan o bahagi ng hiniling na mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Kung nakatanggap ka ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, hindi mo kailangang bayaran ang serbisyo.

**Palagi Ba Akong Makakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Matatanggap Ang Mga Serbisyong Gusto Ko?**

Oo, dapat kang makatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo. Gayunpaman, kung hindi ka makatanggap ng paunawa, maaari kang maghain ng apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado.Kapag nakipag-ugnayan ka sa county mo, sabihin mona nakaranas ka ng pagpapasiya ng salungat sa benepisyo pero hindi ka nakatanggap ng paunawa. Kasama sa handbook na ito ang impormasyon kung paano maghahain ng apela o humiling ng makatarungang pagdinig. Available din ang impormasyon sa tanggapan ng provider mo.

**Ano ang Ipapaalam sa Akin ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?**

Ipapaalam sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na nakakaapekto sa iyo at sa pagtanggap mo ng mga serbisyo.
- Ang petsa ng bisa ng desisyon at ang dahilan kung bakit iyon ang desisyon ng plan.
- Ang mga sinunod na batas ng estado o pederal na batas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county noong ginawa ang desisyon.
- Kung ano ang mga karapatan mo kung tutol ka sa ginawa ng plan.
- Kung paano maghain ng apela sa plan.
- Kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na makatarungang pagdinig.
- Kung paano hihingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Kung gaano katagal ang mayroon ka para maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Ang mga Karapatan mo na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay sa desisyon ng Apela o Makatarungang Pagdinig sa Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung saklaw ng Medi-Cal ang mga gastusin sa mga serbisyong ito.
- Kung kailan mo dapat ihain ang kahilingan mo sa Apela o Makatarungang Pagdinig sa Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

**Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?**

Kapag nakatanggap ka ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo dapat mong basahin nang mabuti lahat ng impormasyong nasa paunawa. Kung hindi mo naiintindihan ang paunawa, matutulungan ka ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Maaari ka ring magpatulong sa iba.

Maaari kang humiling na magpatuloy ang mga serbisyong itinigil kapag nagsumite ka ng apela o ng kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig sa Estado. Dapat kang humiling na magpatuloy ang mga

serbisyo nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos ng petsa na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo o petsa na personal itong ibinigay sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA

**Paano Kung Hindi Ko Makuha Ang Mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa AkingDrug Medi-Cal Organized Delivery System Plan ng Aking County?**

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay may paraan para malutas mo ang anumang isyu kaugnay sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na tinatanggap mo. Tinatawag itong proseso sa paglutas ng problema at maaaring kasama nito ang mga sumusunod na proseso.

1. **Ang Proseso ng Reklamo** – pagpapahayag ng kalungkutan sa anumang bagay tungkol sa mga serbisyo mo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, maliban sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo.
2. **Ang Proseso ng Apela** – pagsusuri ng desisyon (mga serbisyo sa pagtanggi, pagwawakas, o pagbabawas) na ginagawa tungkol sa mga serbisyo mo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county o ng provider mo.
3. **Ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig sa Estado** – pagsusuri para tiyaking matatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na kwalipikado mong tanggapin sa ilalim ng Medi-Cal program.

Hindi gagamitin laban sa iyo ang paghahain mo ng reklamo o apela, o ang paghiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, hindi rin ito makakaapekto sa mga serbisyong tinatanggap mo. Kapag nakumpleto na ang reklamo mo o apela, ipapaalam sa iyo ang huling resulta ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at ng iba pang sangkot. Kapag nakumpleto na ang iyong Makatarungang Pagdinig sa Estado, ipapaalam sa iyo ang huling resulta Tanggapan ng Makatarungang Pagdinig sa Estado at ng provider mo.

Matuto ng higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

**Makakatanggap Ba Ako ng Tulong sa Paghahain ng Apela, Reklamo O Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay may available na mga tao na magpapaliwanag ng mga prosesong ito sa iyo at para tulungan kang mag-ulat ng problema bilang isang reklamo, apela, o kahilingan para sa Pagdinig sa Estado. Tutulungan ka rin nilang magpasya kung

kwalipikado ka sa tinatawag na ‘pinabilis’ na proseso, na nangangahulugang mas mabilis itong susuriin dahil nasa panganib ang kalusugan o kalagayan mo. Maaari mo ring pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kasama ang provider mo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap o tapagtaguyod. Dapat kang bigyan ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng anumang makatwirang tulong sa pagkumpleto sa mga form at iba pang hakbang ng proseso kaugnay sa reklamo o apela. Kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at libreng mga numero na may TTY/TDD at pwedeng may interpreter.

## Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong sa Paglutas ng Problema sa AkingDrug Medi-Cal Organized Delivery System County Plan Pero Ayaw Kong Maghain ng Reklamo o Apela?

Makakahingi ka ng tulong mula sa Estado kung nahihirapan kang hanapin sa county ang mga taong makakatulong sa iyong lutasin ang problema mo sa sistema.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga holiday), gamit ang telepono sa **888-452-8609** o ang e-mail sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov.

**Pakitandaan:** Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga e-mail message. Hindi mo dapat isama ang anumang personal na impormasyon sa e-mail message.

Makakakuha ka ng libreng legal na tulong sa lokal mong tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa mga karapatan mo sa pagdinig o libreng legal na tulong mula sa Public Inquiry at Response Unit:

Tumawag ng Libre sa Toll: **1-800-952-5253**

Kung hindi ka makarinig at gumagamit ng TDD, tumawag sa: **1-800-952-8349**

## Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## ANG PROSESO NG REKLAMO

### Ano ang Reklamo?

Ang reklamo ay isang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan sa anumang bagay tungkol sa mga serbisyo mo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi kabilang sa mga problemang saklaw ng mga proseso ng apela at Makatarungang Pagdinig sa Estado.

Ang proseso ng reklamo ay:

- Mayroong simple, at madaling intindihin na mga pamamaraan para maipresenta mo ang reklamo mo nang pasalita o nakasulat.
- Hindi gagamitin laban sa iyo o sa provider mo sa anumang paraan.
- Pinapayagan kang pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kabilang ang provider mo o tagapagtaguyod. Kung pinahintulutan mo ang iba na kumilos para sa iyo, maaaring papirmahan sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang isang form na pumapahintulot sa plan na magbigay ng impormasyong sa taong iyon.
- Tinitiyak na ang mga gagawa ng desisyon ay kwalipikadong gawin iyon at hindi sangkot sa anumang naunang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Tinutukoy ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at ng provider mo.
- Nagbibigay ng solusyon sa reklamo sa loob ng mga kinakailangang timeframe.

### Kailan Ako Pwedeng Maghain Ng Reklamo?

Maaari kang maghain ng reklamo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county anumang oras kung hindi ka masaya sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na natatanggap mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county o mayroon kang iba pang inaalala tungkol sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.

### Paano Ako Maghahain Ng Reklamo?

Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para makakuha ng tulong kaugnay sa isang reklamo. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System

county ay magbibigay ng mga sobreng may address nila sa lahat ng lokasyon ng mga provider para maipadala mo sa koreo ang reklamo mo. Maaaring ihain ang reklamo nang pasalita o nakasulat. Hindi na kailangang magpadala ng nakasulat na follow-up ang mga reklamong inihain nang pasalita.

**Paano Ko Malalaman Na Natanggap Ng County Plan Ang Reklamo Ko?**

Ipapaalam sa iyo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na natanggap nito ang iyong reklamo sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kompirmasyon.

**Kailan Mapagpapasyahan Ang Reklamo Ko?**

Dapat magdesisyon ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county tungkol sa reklamo mo sa loob ng 90 araw mula sa petsa na inihain mo ang reklamo mo. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na kaya nitong lutasin ang reklamo mo kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay may kaunti pang panahon para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iba pang taong sangkot.

**Paano Ko Malalaman Kung May Desisyon Na Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Tungkol Sa Reklamo Ko?**

Kapag may desisyon na tungkol sa reklamo mo, nakasulat itong ipapaalam sa iyo o sa kinatawan mo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Kung hindi ka naabisuhan ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county o ang anumang apektadong partido tungkol sa desisyon sa loob ng tamang panahon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay magbibigay sa iyo ng Paunawa ng Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo na nagsasaad ng karapatan mong humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado. Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo sa petsa na mag-e-expire ang timeframe.

**May Deadline Ba Ang Paghahain Ng Reklamo?**

Pwede kang maghain ng reklamo anumang oras.

## Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Responsibilidad ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na payagan kang tutulan ang mga desisyon na hindi mo sinasang-ayonan tungkol sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap ng plan o ng mga provider mo. Mayroong dalawang paraan na pwede kang humiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng karaniwang proseso ng apela. Ang ikalawang paraan ay sa pamamagitan ng pinabilis na proseso ng apela. Magkatulad ang dalawang uri ng apela na ito; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado sa pinabilis na apela. Ipinapaliwanag sa ibaba ang mga partikular na kinakailangan.

### Ano Ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay isang paghiling na suriin ang problema mo sa plan o ang provider mo na may kinalaman sa pagtanggi o pagbabago ng mga serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo. Kung humiling ka ng karaniwang apela, maaaring abutin ng 30 araw ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para suriin ito. Kung sa tingin mo ay manganganib ang kalusugan mo kung maghinhintay ka ng 30 araw, dapat kang humiling ng ‘pinabilis na apela.’

Ang karaniwang proseso ng apela ay:

- Papayagan kang maghain ng apela nang personal, sa telepono, o nakasulat.
- Magtitiyak na hindi gagamitin laban sa iyo o sa provider mo ang paghahain ng apela sa anumang paraan.
- Papayagan kang pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider. Kung pinahintulutan mo ang iba na kumilos para sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng plan na pirmahan ang isang form na nagpapahintulot sa plan na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpapatuloy ang mga benepisyo mo kapag hiniling para sa apela sa loob ng kinakailangan na timeframe, na 10 araw mula sa petsa na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo o sa petsa na personal itong ibinigay sa iyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga ipinagpatuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung hiniling mong magpatuloy ang mga benepisyo, at kinumpirma ng huling desisyon ng apela na bawasan o itigil ang serbisyong tinatanggap mo, maaaring kailangan mong bayaran ang gastusin sa mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang apela;

- Magtitiyak na ang mga gagawa ng desisyon ay kwalipikadong gawin iyon at hindi sangkot sa anumang naunang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Papayagan ka o ang kinatawan mo na suriin ang case file mo, kasama ang medikal na record mo, at anumang iba pang dokumento o rekord na isinaalang-alang sa panahon ng proseso ng apela, bago at sa panahon ng proseso ng apela.
- Papayagan kang magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpresenta ng katibayan at mga paratang ng katotohanan o batas, nang personal o nakasulat.
- Papayagan ka, ang kinatawan mo, o ang legal na kinatawan sa estate ng namatay nang benepisyaryo na isama bilang mga partido sa apela.
- Ipapaalam sa iyo na sinusuri na ang apela mo sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang mga karapatan mong humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, pagkatapos makumpleto ang proseso ng apela.

**Kailan Ako Pwedeng Maghain Ng Apela?**

Maaari kang maghain ng apela sa iyongDrug Medi-Cal Organized Delivery System county Plan:

- Kung napagpasyahan ng county mo o ng isa sa mga nakakontratang provider sa county na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap dahil hindi mo natugunan ang mga pamantayan na medikal na kinakailangan.
- Kung sa tingin ng provider mo ay kailangan mo ng serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap at humingi ng pahintulot sa county, pero tutol ang county at tinanggihan ang kahilingan ng provider mo, o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung humingi ng pahintulot ang provider mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, pero kailangan ng county ang karagdagang impormasyon para makapagdesisyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang panahon.
- Kung hindi naibigay sa iyo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mga serbisyo batay sa mga timeline na itinakda ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.
- Kung sa tingin mo ay natagalan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa pagbibigay ng mga serbisyo para tugunan ang mga pangangailangan mo.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela.

- Kung hindi kayo magkasundo ng provider mo kung anong mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap ang kailangan mo.

**Paano Ako Maghahain Ng Apela?**

Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para makakuha ng tulong sa paghahain ng apela. Magbibigay ang plan ng magbibigay ng mga sobreng may address nila sa lahat ng lokasyon ng mga provider para maipadala mo sa koreo ang apela mo. Maaaring ihain ang mga apela nang pasalita o nakasulat.

**Paano Ko Malalaman Kung May Desisyon Na Sa Apela Ko?**

Magpapadala ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county plan ng nakasulat na abiso sa iyo o sa kinatawan mo tungkol sa desisyon para sa apela mo. Nasa abiso ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso sa paglutas ng apela.
- Ang petsa ng desisyon.
- Kung hindi lubusang pabor sa iyo ang desisyon, maglalaman din ang abiso ng impormasyon tungkol sa karapatan mo sa Makatarungang Pagdinig sa Estado at ang pamamaraan sa paghahain para sa Makatarungang Pagdinig sa Estado.

**May Deadline Ba Ang Paghahain Ng Apela?**

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo. Tandaan na hindi ka palaging makakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo. Walang deadline ang paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo; kaya pwede kang maghain anumang oras.

**Kailan Madedesisyunan Ang Apela Ko?**

Dapat magdesisyon tungkol sa apela mo ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang kahilingan mo para

sa apela. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na kaya nitong aprubahan ang apela mo kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay may kaunti pang panahon para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa provider mo.

**Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay Ng 30 Araw Para Sa Desisyon Ng Apela Ko?**

Pwedeng mas bilisan ang proseso ng apela kung kwalipikado ito sa pinabilis na proseso ng apela.

**Ano Ang Pinabilis Na Apela?**

Ang pinabilis na apela ay ang mas mabilis na paraan ng pagpapasya para sa apela. Pareho lang ang sinusunod na proseso ng pinabilis na apela at karaniwang proseso ng apela. Gayunpaman,

- Dapat matugunan ng apela mo ang mga partikular na kinakailangan.
- Magkaiba rin ang sinusunod na deadline ng pinabilis na proseso ng apela at karaniwang proseso ng apela.
- Maaari kang pasalitang humiling ng pinabilis na apela. Hindi mo na kailangang magpadala ng nakasulat na kahilingan para sa pinabilis na apela.

**Kailan Ako Pwedeng Maghain Ng Pinabilis Na Apela?**

Kung sa tingin mo ay manganganib ang buhay mo, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum mong paggana kung maghihintay ka pa ng hanggang sa 30 araw para sa desisyon ng apela, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas sa apela. Kung sang-ayon ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na natugunan ng apela mo ang mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ng county mo ang pinabilis na apela sa loob ng 72 oras matapos matanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang apela.

Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung ipinapakita ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na kailangan ang karagdagang

impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Kung ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay nag-extend ng mga timeframes, magpapadala sa iyo ng nakasulat na paliwanag ang plan kung bakit na-extend ang mga timeframe.

Kung nagdesisyon ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na hindi kwalipikado ang apela para sa pinabilis na apela, dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na agad na pasalitang ipaalam ito sa iyo at magpapadala ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw na ibinibigay ang dahilan ng pasya. Pagkatapos ay susundin na apela mo ang mga karaniwang timeframe na idinetalye ng itaas na bahagi ng seksyong ito. Kung tutol ka sa desisyon ng county na hindi natutugunan ng apela mo ang pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kang maghain ng reklamo. Kapag nalutas na ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang pinabilis na apela mo, ikaw at lahat ng apektadong partido ay aabisuhan ng plan nang pasalita at nakasulat.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG SA ESTADO

### Ano Ang Makatarungang Pagdinig Sa Estado?

Ang Makatarungang Pagdinig sa Estado ay isang malayang pagsusuri na isasagawa ng California Department of Social Services para tiyaking matanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na kwalipikadoka sa ilalim ng Medi-Cal program. Maaari mo ring bisitahin ang California Department of Social Services sa https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests para sa karagdagang mga resource.

### Ano Ang Mga Karapatan Ko Sa Makatarungang Pagdinig Sa Estado?

May karapatan kang:

- Magkaroon ng pagdinig sa California Department of Social Services (tinatawag ding Makatarungang Pagdinig sa Estado).
- Masabihan kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Masasabihan tungkol sa mga sinusunod na tuntunin sa representasyon sa Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Maipagpatuloy ang mga benepisyo mo sa kahilingan mo sa panahon ng proseso ng Makatarungang Pagdinig sa Estado kung humiling ka ng Makatarungang Pagdinig sa Estado sa loob ng kinakailangang timeframe.

### Kailan Ako Maaaring Maghain Para Sa Makatarungang Pagdinig Sa Estado?

Maaari kang maghain para sa Makatarungang Pagdinig sa Estado:

- Kung nakumpleto mo ang proseso ng apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.
- Kung nadesisyunan ng county mo o ng isa sa mga nakakontratang provider sa county na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap dahil hindi mo natugunan ang mga pamantayan na medikal na kinakailangan.
- Kung sa tingin ng provider mo ay kailangan mo ng serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap at humingi ng pahintulot sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System* county*,

pero tutol ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System* county* at tinanggihan ang kahilingan ng provider mo, o binago ang uri o dalas ng serbisyo.

- Kung humingi ng pahintulot ang provider mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, pero kailangan ng county ang karagdagang impormasyon para makapagdesisyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang panahon.
- Kung hindi ibinigay sa iyo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mga serbisyo batay sa mga timeline na na-set ng county.
- Kung sa tingin mo natagalan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa pagbibigay ng mga serbisyo para tugunan ang mga pangangailangan mo.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela.
- Kung hindi kayo magkasundo ng provider mo kung anong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap ang kailangan mo.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela.

**Paano Ako Hihiling Ng Makatarungang Pagdinig Sa Estado?**

Maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado:

- <u>Online</u> sa: https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do
- <u>Nang Nakasulat:</u> Isumite ang kahilingan mo sa county welfare department sa address na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo, o i-fax o ipadala sa koreo sa:

  California Department of Social Services State Hearings Division
  P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
  Sacramento, CA 94244-2430

  O I-fax sa **916-651-5210** o **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado o ng pinabilis na Makatarungang Pagdinig sa Estado:

- <u>Sa telepono</u>: Tumawag sa State Hearings Division nang libre sa **800-743-8525** o **855-795-0634**, o tumawag sa linya ng Public Inquiry at Response nang libre sa **800-952-5253** o TDD **800-952-8349**.

**May Deadline Ba Ang Paghahain Para Sa Makatarungang Pagdinig Sa Estado?**

Mayroon ka lamang 120 araw para humiling ng Pagdinig sa Estado. Magsisimula ang 120 araw pagkatapos mong matanggap nang personal ang abiso ng pasya sa apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, o sa araw pagkatapos ng petsa na nasa abiso ng pasya sa apela ng county.

Kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo, maaari kang maghain ng Makatarungang Pagdinig sa Estado anumang oras.

**Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Sa Desisyon Ng Makatarungang Pagdinig Sa Estado?**

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng paggamot at gusto mo ipagpatuloy ang gamutan habang umaapela ka, dapat kang humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nasa abiso ng desisyon sa apela o kung kailan ito inihatid sa iyo O bago ang petsa na ititigil o babawasan ang mga serbisyo mo ayon sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Kapag humiling ka ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, dapat mong sabihin na gusto mong ipagpatuloy ang gamutan. Karagdagan pa, hindi mo kailangang bayaran ang mga serbisyong natanggap habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig sa Estado.

Kung hiniling mong magpatuloy ang benepisyo, at kinumpirma ng huling pasya ng Makatarungang Pagdinig sa Estado na bawasan o itigil ang serbisyong tinatanggap mo, maaaring kailangan mong bayaran ang gastusin sa mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang apela;

**Kailan Mapagpapasyahan Ang Aking Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Pagkatapos mong humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, maaaring abutin ng hanggang 90 araw bago madesisyunan ang kaso mo at magpadala sa iyo ng sagot.

**Maaari Ba Akong Makakuha Ng Makatarungang Pagdinig Sa Estado Nang Mas Mabilis?**

Kung sa tingin mo ay makakasama sa kalusugan mo ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makatanggap ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Hilingin sa doktor mo o ibang provider na gumawa ng sulat para sa iyo. Pwede ring ikaw mismo ang gumawa ng sulat. Dapat detalyadong ipaliwanag ng sulat kung paanong ang paghihintay ng 90 araw para madesisyunan ang kaso mo ay malubhang makakaapekto sa buhay mo, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggana. Pagkatapos, tiyaking humiling ka ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang sulat kasama ang kahilingan mo para sa isang pagdinig.

Maaari kang humiling ng pinabilis na Makatarungang Pagdinig sa Estado kung sa tingin mo ay magdudulot ng seryosong epekto sa buhay mo, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang mahahalagang paggana sa pamumuhay ang 90 araw na timeframe. Susuriin ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang kahilingan mo para sa pinabilis na Makatarungang Pagdinig sa Estado at magpapasya kung kwalipikado ito. Kung na-aprubahan ang kahilingan mo sa pinabilis na pagdinig, isasagawa ang isang pagdinig at ibibigay ang desisyon sa pagdinig sa loob ng 3 araw ng pagtrabaho mula sa petsa na natanggap ng State Hearings Division ang kahilingan mo.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM NG ESTADO NG CALIFORNIA

### Sino Ang Makakakuha Ng Medi-Cal?

Maaari kang maging kwalipikado sa Medi-Cal kung nasa isa ka sa mga pangkat na ito:

- 65 taon, pataas
- Wala pang 21 taon
- Nasa hustong gulang, sa pagitan ng 21 at 65 batay sa pagiging kwalipikadosa kita
- Hindi makakita o may kapansanan
- Buntis
- Ilang refugee, o imigranteng Cuban/Haitian
- Tumatanggap ng pangangalaga sa isang nursing home
- Wala pang 26 na taon, o 50 taon pataas anuman ang katayuan sa imigrasyon

Dapat nakatira ka sa California para maging kwalipikado sa Medi-Cal. Tumawag o bumisita sa iyong lokal na opisina ng social services ng county para magtanong tungkol sa aplikasyon sa Medi-Cal, o kumuha sa Internet sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ApplyforMedi-Cal.aspx.

### Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?

Maaaring kailangan mong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng perang nakukuha o kinikita mo kada buwan.

- Kung ang kita mo ay mas mababa sa limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng inyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang kita mo ay higit sa limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng pamilya mo, kailangan mong magbayad para sa mga serbisyo mo sa paggamot sa medikal o karamdaman sa paggamit ng sangkap. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong ‘share sa gastos.’ Kapag nabayaran mo na ang iyong ‘share sa gastos,’ babayaran ng Medi-Cal ang natitirang saklaw na medikal na bayarin para sa buwan na iyon. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga buwan na wala kang mga gastusin sa pagpapagamot.
- Maaaring kailangan mong magbayad ng ‘co-payment’ para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin nito na gagamit ka ng sariling pera kapag mayroon kang mga serbisyo sa paggamot

sa medikal o sa karamdaman sa paggamit ng sangkap o kapag mayroon kang iniresetang gamot at isang co-payment kung pupunta ka sa emergency room ng ospital para sa mga karaniwang mga serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng provider mo kung kailangan mong magbayad ng co-payment.

**Available ba ang Transportasyon?**

Kung nahihirapan kang puntahan ang mga medical appointment mo o mga appointment sa paggamot sa droga at alkohol, matutulungan ka ng Medi-Cal program para makahanap ng transportasyon..
Maaaring ibigay ang hindi pang-emergency na transportasyon at hindi pangmedikal na transportasyon sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na walang sariling transportasyon at may pangangailangang medikal para makatanggap ng ilang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong sa transportasyon, kontaking mo ang managed care plan mo para sa impormasyon at tulong.

Kung mayroon kang Medi-Cal pero hindi ka naka-enroll sa isang managed care plan at kailangan mo ng hindi pangmedikal na transportasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para sa tulong. Kapag nakontak mo ang kumpanya ng transpostasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng appointment mo. Kung kailangan mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon, maaaring mag-assign ang provider mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon at iugnay ka sa provider mo ng transportasyon para isaayos ang masasakyan mo papunta at pauwi mula sa (mga) appointment mo.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## ADVANCE DIRECTIVE

### Ano ang Advance Directive?

May karapatan kang magkaroon ng advance directive. Ang advance directive ay nakasulat na tagubilin tungkol sa pangangalagang pangkalusugan mo na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kasama dito ang impormasyon na nagsasabi ng gusto mong paraan ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o nagsasabi ng mga desisyon na gusto mong gawin, kung, o kapag hindi ka na nakakapagsalita. Maaaring narinig mong tinawag ang advance directive bilang living will o durable power of attorney.

Inilalarawan ng batas ng California ang advance directive bilang pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalangag pangkalusugan ng isang indibidwal o isang power of attorney (nakasulat na dokumentong nagpapahintulot sa isang tao na magdesisyon para sa iyo). Lahat ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay kinakailangang mayroong mga patakaran sa advance directive. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System* county* mo ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa advance directive ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at ng paliwanag sa batas ng estado, kung hiningan ng impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo para sa karagadagang impormasyon.

Dinisenyo ang advance directive para magkaroon ng kontrol ang mga tao sa sarili nilang paggamot, lalo na kapag hindi na sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa sarili nilang pangangalaga. Isa itong legal na dokumento na nagbibigay-daan sa mga tao na sabihin, nang pauna, ang mga kagustuhan nila, kung hindi na sila makagawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay na gaya ng karapatang tumanggap o tumanggi ng paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipili sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang advance directive:

- Ang pagtatalaga mo ng isang agent (isang tao) na magdedesisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan mo; at
- Ang indibidwal na mga tagubilin mo sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang kumuha ng form para sa advance directive mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county mo o sa online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga tagubilin sa advance directive sa lahat ng provider mo sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin

ang advance directive mo anumang oras.

Kung may tanong ka tungkol sa batas ng California kaugnay sa mga kinakailangan ng advance directive, maaari kang magpadala ng sulat sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG BENEPISYARYO

### Ano Ang Mga Karapatan Ko Bilang Tagatanggap Ng Mga Serbisyo NgDrug Medi-Cal Organized Delivery System?

Bilang isang tao na kwalipikado sa Medi-Cal at nakatira sa isangDrug Medi-Cal Organized Delivery System program county, may karapatan kang makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na medikal na kinakailangan mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. May karapatan kang:

- Tratuhin nang may paggalang, na isinasaalang-alang ang karapatan mo sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihing kumpidensyal ang medikal na impormasyon mo.
- Makatanggap ng impormasyon sa mga available na mapagpipilian at alternatibo sa paggamot, na ipiniresenta nang naaayon sa kondisyon ng Benepisyaryo at kakayahang makaunawa.
- Makilahok sa pagpapasya tungkol sa pangangalaga mo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyong available ng 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, kapag medikal na kinakailangan para gamutin ang emergency na kondisyon o apurahan o krisis na kondisyon.
- Makatanggap ng impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na saklaw ngDrug Medi-Cal Organized Delivery System county plan, iba pang obligasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county at mga karapatan mo ayon sa inilarawan dito.
- Maprotektahan ang kumpidensyal mong impormasyong pangkalusugan.
- Humiling at tumanggap ng kopya ng mga medikal na record mo, at humiling na amyendahan o itama ang mga ito kung kailangan
- Makatanggap ng nakasulat na materyal sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, naka-print sa malalaking titik, at audio format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na angkop sa format na hiniling.
- Makatanggap ng nakasulat na materyal sa mga wikang ginagamit ng hindi bababa sa limang porsyento o 3,000 ng mga benepisyaryo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county alinman ang mas mababa.
- Makatanggap ng mga serbisyo ng pasalitang interpretasyon sa gusto mong wika.

- Makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap mula sa isang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na sumusunod sa mga kinakailangan ng kontrata nito sa Estado sa mga lugar na available ang mga serbisyo, mga kasiguruhan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, pakikipag-ugnayan at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at pagpapahintulot ng mga serbisyo.
- I-access ang mga Minor Consent Service, kung menor de edad ka.
- Napapanahong i-access ang mga out-of-network na serbisyo na medikal na kinakailangan, kung ang plan ay walang provider ng empleyado o kontrata na pwedeng magbigay ng mga serbisyo. Ang "out-of-network na provider" ay isang provider na wala sa mga listahan ng mga provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Dapat tiyakin ng county na wala kang ekstrang babayaran sa pagpapatingin sa out-of-network na provider. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng benepisyaryo sa *[Maglalagay ang County ng Libreng Numero ng Telepono] para sa imporrmasyon kung paano tatanggap ng mga serbisyo mula sa isang out-of-network na provider.
- Humiling ng pangalawang opinyon mula sa kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng county, o sa labas ng network, nang walang karagdagang singil.
- Maghain ng mga reklamo, nang pasalita o nakasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Humiling ng apela, nang pasalita o nakasulat, kapag natanggap ang paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo, kabilang ang impormasyon sa mga kalagayan kung saan posible ang pinabilis na apela.
- Humiling ng makatarungang pagdinig sa Medi-Cal, kabilang ang impormasyon sa mga kalagayan kung saan posible ang pinabilis na Makatarungang Pagdinig sa Estado.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Maging malaya mula sa diskriminasyon para magamit ang mga karapatang ito nang hindi naapektohan ang paraan ng paggamot ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, mga provider, o ng Estado.

**Ano Ang Mga Responsibilidad Ko Bilang Tagatanggap Ng Mga Serbisyo Ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Bilang tagatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, responsibilidad mo na:

- Basahing mabuti ang mga materyal na nagbibigay ng impormasyon na natanggap mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Makakatulong ang mga materyal na ito na maunawaan mo kung aling mga serbisyo ang available at kung paano makukuha ang paggamot kung kailangan mo ito.
- Puntahan ang paggamot mo ayon sa iskedyul. Makukuha mo ang pinakamainam na resulta kung makikipagtulungan ka sa provider mo sa buong paggamot. Kung hindi ka makakapunta sa isang appointment, tumawag sa provider mo nang hindi bababa sa 24 na oras na pauna at mag-reschedule ng araw at oras.
- Palaging mong dalhin ang (Drug Medi-Cal Organized Delivery System county) ID card at Photo ID kapag pupunta ka sa paggamot.
- Ipaalam sa provider mo kung kailangan mo ng interpreter bago ang appointment mo.
- Sabihin sa provider mo ang lahat ng alalahanin mong medikal. Kung mas maraming impormasyon tungkol sa mga pangangailangan mo ang ibabahagi mo, mas magiging matagumpay ang paggamot mo.
- Tiyaking itanong sa provider mo ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang anumang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Maging handa na magkaroon ng matibay na ugnayan sa provider na gumagamot sa iyo.
- Makipag-ugnayan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung may mga tanong ka tungkol sa mga serbisyo mo o kung mayroon kang mga problema sa provider mo na hindi mo malutas.
- Sabihin sa provider mo at sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung may mga pagbabago sa personal na impormasyon mo. Kasama dito ang address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa kakayahan mong makilahok sa paggamot.
- Tratuhin ang kawani na gumagamot sa iyo nang may paggalang at kagandahang-loob.
- Iulat ang anumang hinala ng panloloko o maling gawain.
    - Hinihiling ng Department of Health Care Services ang sinumang naghihinala ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa Medi-Cal ay tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay emergency ito, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag na ito, at pwedeng manatiling hindi nakikilala ang tumatawag.
    - Maaari mo ring iulat ang mga hinala sa panloloko o pang-aabuso gamit ang e-mail sa

fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].

## KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA

### Kailan Ko Maaaring Hilingin Na Panatilihin Ang Dati Kong Provider Na Out-Of-Network Na Ngayon?

- Pagkatapos sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, maaari mong hilingin na manatili sa out-of-network na provider mo kung:
  - Ang paglipat sa bagong provider ay magiging dahilan ng matinding pinsala sa kalusugan mo o makakadagdag sa panganib mo na maospital o ma-institutionalize; at
  - Tumatanggap ka ng paggamot mula sa isang out-of-network na provider bago ang petsa ng paglipat mo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.

### Paano Ko Hihilingin Na Panatilihin Ang Aking Out-Of-Network na Provider?

- Ikaw, ang mga pinahintulutang kinatawan mo, o ang kasalukuyang provider mo ay maaaring magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng benepisyaryo sa *[Maglalagay ang County ng Libreng Numero ng Telepono] para sa impormasyon kung paano hihiling ng mga serbisyo mula sa isang out-of-network na provider.
- Magpapadala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng nakasulat na pagkilala na natanggap nila ang kahilingan mo at sisimulang iproseso ang kahilingan mo sa loob ng tatlong (3) araw ng trabaho.

### Paano kung nagpatuloy ako sa aking out-of-network na provider pagkatapos lumipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County?

- Maaari kang humiling ng isang retroactive na paglilipat ng pangangalaga sa loob ng tatlumpung (30) araw ng pagtanggap ng mga serbisyo mula sa isang out-of-network na provider.

### Bakit tatanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang kahilingan ko sa paglilipat ng pangangalaga?

- Maaaring tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang kahilingan mo na panatilihin ang dating mong provider na out-of-network na ngayon kung:
  - Nalikum ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang mga isyu sa kalidad ng pangangalaga ng provider.

**Anong mangyayari kung tinanggihan ang kahilingan ko sa paglilipat ng pangangalaga?**

- Kung tatanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang paglilipat mo ng pangangalaga:
  - Nakasulat nitong ipapaalam sa iyo ang desisyon;
  - Mag-aalok ito nang hindi bababa sa isang alternatibong in-network na provider na nag-aalok ng parehong antas ng mga serbisyo ng out-of-network na provider; at
  - Ipapaalam nito sa iyo ang karapatan mong maghain ng reklamo kung tutol ka sa pagtanggi.
- Kung mag-aalok ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng maraming alternatibong in-network na provider at wala kang pipiliin, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang magre-refer o mag-a-assign sa iyo sa isang in-network na provider at nakasulat kang aabisuhan sa naturang pag-refer o pag-assign.

**Ano ang mangyayari kung maaprubahan ang kahilingan ko sa paglilipat ng pangangalaga?**

- Sa loob ng pitong (7) araw ng pag-apruba ng kahilingan mo sa paglilipat ng pangangalaga, ibibigay sa iyo ng ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county:
  - Ang pag-apruba sa kahilingan;
  - Ang tagal ng kaayusan sa paglipat ng pangangalaga;
  - Ang mangyayaring proseso sa paglilipat ng pangangalaga mo sa pagwawakas ng yugto sa pagpapatuloy ng pangangalaga; at
  - Ang Karapatan mong mamili ng ibang provider mula sa network ng provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county's anumang oras.

**Gaano kabilis ang pagpoproseso ng kahilingan ko sa paglilipat ng pangangalaga?**

- Kukumpletuhin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang pagsusuri nito sa kahilingan mo sa palilipat ng pangangalaga sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa petsa na natanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang kahilingan mo.

**Anong mangyayari sa pagwawakas sa yugto ng aking paglilipat ng pangangalaga?**

- Nakasulat kang aabisuhan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county tatlumpung (30) araw bago ang pagwawakas ng iyong yugto sa paglilipat ng pangangalaga tungkol sa isasagawang proseso para ilipat ang pangangalaga mo sa isang in-network na provider sa pagwawakas ng iyong yugto sa pagliilipat ng pangangalaga.

**Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County**

Maglagay dito ng impormasyon na partikular sa County [kung mayroon].